# The Plan of Mercy

By Elder James R. Rasband
*Of the Seventy*

# Ang Plano ng Awa

Ni Elder James R. Rasband
*Ng Pitumpu*

April 2025 general conference

---

*The Lord is merciful and our Heavenly Father's plan of salvation is truly a plan of mercy.*

*Ang Panginoon ay maawain at ang plano ng kaligtasan ng ating Ama sa Langit ay tunay na isang plano ng awa.*

## A Prophet's Invitation

Last April, soon after the joyful news that the Church had acquired the Kirtland Temple, President Russell M. Nelson invited us to study the dedicatory prayer of the Kirtland Temple, recorded insection 109 of the Doctrine and Covenants. The dedicatory prayer, said President Nelson, "is a tutorial about how the temple spiritually empowers you and me to meet the challenges of life in these last days."

I am sure your study of section 109 yielded insights that blessed you. This evening, I share a couple of things I learned as I followed our prophet's invitation. The peace-giving path down which my study led reminded me that the Lord is merciful and that our Heavenly Father's plan of salvation is truly a plan of mercy.

## Paanyaya ng Isang Propeta

Noong nakaraang Abril, agad pagkaraan ng masayang balita na nakuha na ng Simbahan ang Kirtland Temple, inanyayahan tayo ni Pangulong Russell M. Nelson na pag-aralan ang panalangin ng paglalaan sa Kirtland Temple, na nakatala sabahagi 109 ng Doktrina at mga Tipan.Ang panalangin ng paglalaan, sabi ni Pangulong Nelson, "ay nagtuturo kung paano tayo espirituwal na pinalalakas ng templo upang mapagtagumpayan ang mga hamon ng buhay sa mga huling araw na ito."

Tiyak ko na ang pag-aaral ninyo ng bahagi 109 ay nagbigay ng mga kabatirang nagpala sa inyo. Ngayong gabi, magbabahagi ako ng ilang bagay na natutuhan ko nang sundin ko ang paanyaya ng propeta. Ang landas na nagbibigay ng kapayapaan na kinahantungan ng aking pag-aaral ay ipinaalala sa akin na ang Panginoon ay maawain at na ang plano ng kaligtasan ng ating Ama sa Langit ay tunay na isang plano ng awa.

## Newly Called Missionaries Serving in the Temple

As you may be aware, "newly called missionaries are encouraged to receive the temple endowment as soon as possible and to attend the temple as often as circumstances allow." Once endowed, they also "may serve as temple … workers before they begin missionary service."

## Bagong Tawag na mga Missionary na Naglilingkod sa Templo

Tulad ng alam ninyo, "ang mga bagong tawag na missionary ay hinihikayat na tanggapin ang endowment sa templo sa lalong madaling panahon at dumalo sa templo nang madalas hangga't maaari." Matapos ma-endow, sila rin ay "maaaring maglingkod bilang mga temple … worker bago nila simulan ang kanilang paglilingkod

bilang missionary."

Time in the temple before entering the missionary training center (MTC) can be a wonderful blessing for new missionaries as they learn more about temple covenants before sharing the blessings of those covenants with the world.

Ang panahon sa templo bago pumasok sa missionary training center (MTC) ay maaaring maging napakagandang pagpapala para sa mga bagong missionary habang natututo pa sila tungkol sa mga tipan sa templo bago ibahagi ang mga pagpapala ng mga tipang iyon sa mundo.

But in studying section 109, I learned that in the temple, God empowers new missionaries—indeed, all of us—in an additional, sacred way.In the dedicatory prayer, given by revelation, the Prophet Joseph Smith prayed that "when thy servants shall go out from thy house … to bear testimony of thy name," the "hearts" of "all people" would "be softened"—both the "great ones of the earth" and "all the poor, the needy, and [the] afflicted." He prayed that "their prejudices may give way before the truth, and thy people may obtain favor in the sight of all; that all the ends of the earth may know that we, thy servants, have heard thy voice, and that thou hast sent us."

Ngunit nang pag-aralan ko ang bahagi 109, natutuhan ko na sa templo, binibigyang-kakayahan ng Diyos ang mga bagong missionary—oo, tayong lahat—sa isang karagdagang sagradong paraan.Sa panalangin ng paglalaan, na ibinigay sa pamamagitan ng paghahayag, ipinagdasal ni Propetang Joseph Smith na "kapag ang inyong mga tagapaglingkod ay humayo mula sa inyong bahay … upang magbigay-patotoo sa inyong pangalan," ang "puso" ng "lahat ng tao" ay "mapalambot"—kapwa ang "mga dakilang tao sa mundo" at "ang lahat ng maralita, ang nangangailangan, at [ang] mga nagdurusa." Ipinagdasal niya na "ang kanilang masasamang palagay ay magbibigay-daan sa katotohanan, at ang inyong mga tao ay [makasihan] sa paningin ng lahat; nang ang lahat ng dulo ng mundo ay malaman na kami, ang inyong mga tagapaglingkod, ay narinig ang inyong tinig, at kami ay inyong isinugo."

This is a beautiful promise for a newly called missionary—to have prejudices "give way before the truth," to "obtain favor in the sight of all," and to have the world know they are sent by the Lord. Each of us surely needs these same blessings. What a blessing it would be to have hearts softened as we interact with neighbors and coworkers. The dedicatory prayer does not explain exactly how our time in the temple will soften others' hearts, but I am convinced it is bound up with how time in the house of the Lord softens our own hearts by centering us on Jesus Christ and His mercy.

Ito ay isang magandang pangako para sa isang bagong tawag na missionary—na ang masasamang palagay ay "magbigay-daan sa katotohanan," upang "ang inyong mga tao ay makatamo ng kasihan sa paningin ng lahat," at malaman ng mundo na sila ay isinugo ng Panginoon. Tiyak na kailangan ng bawat isa sa atin ang mga pagpapalang ito. Malaking pagpapala ang mapalambot ang puso habang nakikipag-ugnayan tayo sa mga kapitbahay at katrabaho. Hindi ipinaliliwanag nang eksakto sa panalangin ng paglalaan kung paano mapalalambot ng ating panahon sa templo ang puso ng iba, ngunit kumbinsido ako na konektado ito sa kung paano pinalalambot ng oras sa bahay ng Panginoon ang sarili nating puso sa pamamagitan ng pagpapatuon sa atin kay Jesucristo at sa Kanyang awa.

## The Lord Answers Joseph Smith's Plea for Mercy

## Sinagot ng Panginoon ang Pagsusumamo ni Joseph Smith para sa Awa

As I studied the Kirtland dedicatory prayer, I was also struck that Joseph again and again pleaded for mercy—for the members of the Church,for the enemies of the Church,for the leaders of the country, for the nations of the

Nang pag-aralan ko ang panalangin ng paglalaan sa Kirtland, naantig din ako na paulit-ulit na nagsumamo si Joseph para sa awa—para sa mga miyembro ng Simbahan,para sa mga kaaway ng Simbahan,para sa mga lider ng bansa,

earth.And, very personally, he pleaded with the Lord to remember himand to have mercy upon his beloved Emma and their children.

How must Joseph have felt when, one week later, on Easter Day, April 3, 1836, in the Kirtland Temple, the Savior appeared to him and Oliver Cowdery and, as recorded insection 110 of the Doctrine and Covenants, said, "I have accepted this house, and my name shall be here; and I will manifest myself to my people in mercy in this house."This promise of mercy must have had special meaning to Joseph.And as President Nelson taught last April, this promise also "applies toeverydedicated temple today."

para sa mga bansa sa mundo.At, napakapersonal na nagsumamo siya sa Panginoon na alalahanin siyaat maawa sa kanyang pinakamamahal na si Emma at sa kanilang mga anak.

Ano kaya ang nadama ni Joseph nang, pagkaraan ng isang linggo, sa Araw ng Pasko ng Pagkabuhay, Abril 3, 1836, sa Kirtland Temple, nagpakita ang Tagapagligtas sa kanya at kay Oliver Cowdery at sinabi, tulad ng nakatala sabahagi 110 ng Doktrina at mga Tipan, "tinanggap ko ang bahay na ito, at ang aking pangalan ay malalagay rito; at ipakikita ko ang aking sarili sa awa sa aking mga tao sa bahay na ito."Ang pangakong ito ng awa ay maaaring may espesyal na kahulugan kay Joseph.At tulad ng itinuro ni Pangulong Nelson noong nakaraang Abril, ang pangakong ito ay "angkop din sabawatinilaang templo ngayon."

## Finding Mercy in the House of the Lord

There are so many ways in which we each can find mercy in the house of the Lord. This has been true since the Lord first commanded Israel to build a tabernacle and to place at its center the "mercy seat."In the temple, we find mercy in the covenants we make. Those covenants, in addition to the baptismal covenant, bind us to the Father and the Son and give us increased access to what President Nelson has taught is "a special kind of love and mercy … calledhesed" in Hebrew.

We find mercy in the opportunity to be sealed to our families for eternity. In the temple, we also come to understand with greater clarity that the Creation, the Fall, the Savior's atoning sacrifice, and our ability to enter again into our Heavenly Father's presence—indeed, every part of the plan of salvation—are manifestations of mercy.It might be said that the plan of salvation is a plan of happiness precisely because it is a "plan of mercy."

## Pagkasumpong ng Awa sa Bahay ng Panginoon

Napakaraming paraan para makasumpong ng awa ang bawat isa sa atin sa bahay ng Panginoon. Totoo na ito noon pa mang unang utusan ng Panginoon ang Israel na gumawa ng tabernakulo at ilagay sa gitna nito ang "luklukan ng awa."Sa templo, nakasusumpong tayo ng awa sa mga tipan na ginagawa natin. Ang mga tipang iyon, bukod pa sa mga tipan sa binyag, ay nagbibigkis sa atin sa Ama at sa Anak at nagbibigay sa atin ng dagdag na access sa itinuro ni Pangulong Nelson na "espesyal na uri ng pagmamahal at awa … [na] tinatawag nahesed" sa Hebreo.

Nakasusumpong tayo ng awa sa oportunidad na mabuklod nang walang hanggan sa ating pamilya. Sa loob ng templo, nauunawaan din natin nang mas malinaw na ang Paglikha, Pagkahulog, nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas, at kakayahan nating muling makapasok sa kinaroroonan ng Ama sa Langit—sa totoo lang, bawat bahagi ng plano ng kaligtasan—ay pagpapakita ng awa.Masasabi na ang plano ng kaligtasan ay isang plano ng kaligayahan dahil talagang ito ay isang "plano ng awa."

## Seeking Forgiveness Opens the Door to the Holy Ghost

I am grateful for the beautiful promise insection 110that the Lord will manifest Himself in mercy in His temples. I am also grateful for what it reveals about how the Lord will manifest Himself in mercy whenever we, like Joseph, plead for

## Ang Paghingi ng Tawad ay Nagbubukas ng Pinto para sa Espiritu Santo

Nagpapasalamat ako sa magandang pangakong nasabahagi 110na ipapakita ng Panginoon ang Kanyang sarili nang may awa sa Kanyang mga templo. Nagpapasalamat din ako sa inihahayag nito kung paano ipapakita ng Panginoon ang

mercy.

Joseph Smith's plea for mercy in section 109 was not the first time his pleas for mercy prompted revelation. In the Sacred Grove, young Joseph prayed not just to know which Church was true, but he also said that he "cried unto the Lord for mercy, for there was none else to whom I could go [to] obtain mercy."Somehow his recognition that he needed mercy that only the Lord could provide helped open the windows of heaven. Three years later the angel Moroni appeared, following what Joseph said was his "prayer and supplication to Almighty God for forgiveness of all my sins and follies."

This pattern of revelation following a plea for mercy is a familiar one in the scriptures. Enos heard the voice of the Lord only after praying for forgiveness.King Lamoni's father's conversion begins with his prayer, "I will give away all my sins to know thee."We may not be blessed with these same dramatic experiences, but for those who sometimes struggle to feel answers to prayer, seeking the Lord's mercy is one of the most powerful ways to feel the witness of the Holy Ghost.

## Pondering God's Mercy Opens the Door to a Testimony of the Book of Mormon

A similar principle is beautifully taught in Moroni 10:3–5. We often shorthand these verses to teach that through sincere prayer, we can learn whether the Book of Mormon is true. But this shorthand can neglect the important role of mercy. Listen to how Moroni begins his exhortation: "I would exhort you that when ye shall read these things, … that ye would remember how merciful the Lord hath been unto the children of men, from the creation of Adam even down until the time that ye shall receive these things, and ponder it in your hearts."

Kanyang sarili nang may awa kung kailan tayo, tulad ni Joseph, ay nagsusumamo para sa awa.

Hindi ang pagsamo ni Joseph Smith para sa awa sa bahagi 109 ang unang pagkakataon na naghatid ng paghahayag ang kanyang mga pagsamo para sa awa. Sa Sagradong Kakahuyan, ipinagdasal ng bata pang si Joseph hindi lamang na malaman kung aling Simbahan ang totoo, kundi sinabi rin niya na siya ay "nagmakaawa sa Panginoon para sa awa, sapagkat wala na akong ibang malalapitan na maaawa sa akin."Kahit paano ay nakatulong ang kanyang kaalaman na kailangan niya ng awa na ang Panginoon lamang ang makapagbibigay para mabuksan ang mga dungawan ng langit. Pagkaraan ng tatlong taon ay nagpakita ang anghel na si Moroni, kasunod ng sinabi ni Joseph na kanyang "panalangin at pagsusumamo sa Pinakamakapangyarihang Diyos para sa kapatawaran ng lahat ng aking kasalanan at mga kalokohan."

Ang huwarang ito ng paghahayag matapos ang pagsamo para sa awa ay pamilyar sa mga banal na kasulatan. Narinig lamang ni Enos ang tinig ng Panginoon matapos manalangin para sa kapatawaran.Nagsimula ang pagbabalik-loob ng ama ni Haring Lamoni sa panalangin niyang, "tatalikuran ko ang lahat ng aking kasalanan upang makilala kayo."Maaaring hindi tayo mapagpala ng ganitong marubdob na mga karanasan, ngunit para sa mga tao na kung minsa'y nahihirapang madama ang mga sagot sa panalangin, ang paghingi ng awa ng Panginoon ay isa sa pinakamabibisang paraan para madama ang pagsaksi ng Espiritu Santo.

## Ang Pagbubulay-bulay tungkol sa Awa ng Diyos ay Nagbibigay ng Oportunidad na Magkaroon ng Patotoo sa Aklat ni Mormon

Ang isang katulad na alituntunin ay itinuro sa napakagandang paraan saMoroni 10:3–5. Kadalasa'y ibinubuod natin ang mga talatang ito para ituro na sa pamamagitan ng taos-pusong panalangin, malalaman natin kung ang Aklat ni Mormon ay totoo. Ngunit sa pagbubuod na ito ay maaaring makaligtaan ang mahalagang papel ng awa. Pakinggan kung paano sinimulan ni Moroni ang kanyang payo: "Nais kong ipayo sa inyo na kung inyong mababasa ang mga bagay na ito, … na inyong maalaala kung paano naging maawain ang Panginoon sa mga anak ng tao,

mula sa paglikha kay Adan, maging hanggang sa panahong inyong matanggap ang mga bagay na ito, at pagbulay-bulayin ang mga yaon sa inyong mga puso."

Moroni urges us not only to read these things—the records he was about to seal up—but also toponderin our hearts what the Book of Mormon reveals about "how merciful the Lord hath been unto the children of men."It is pondering upon the Lord's mercy that prepares us to "ask God, the Eternal Father, in the name of Christ, if these things are not true."

Hinihikayat tayo ni Moroni na hindi lamang basahin ang mga bagay na ito—ang mga talaang kanyang ibubuklod—kundipagbulay-bulayindin sa ating puso ang inihahayag ng Aklat ni Mormon "kung paano naging maawain ang Panginoon sa mga anak ng tao."Ang pagbubulay-bulay tungkol sa awa ng Panginoon ang naghahanda sa ating "itanong … sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, sa pangalan ni Cristo, kung ang mga bagay na ito ay hindi totoo."

As we ponder on the Book of Mormon, we might ask: Is it really true, as Alma taught, that God's plan of mercy assures that every person who ever lived on this earth will be resurrectedand that they will "be restored to their … perfect frame"?Is Amulek right—can the Savior's mercy satisfyallthe bitterly real demands of justice that we would otherwise be obligated to pay and instead "[encircle us] in the arms of safety"?

Habang pinagbubulayan natin ang Aklat ni Mormon, maaari nating itanong: Totoo ba talaga, tulad ng itinuro ni Alma, na tinitiyak ng plano ng awa ng Diyos na bawat taong nabuhay sa daigdig na ito ay mabubuhay na mag-uliat na sila ay "magbabalik sa kanilang … ganap na anyo"?Tama ba si Amulek—matutugunan ba ng awa ng Tagapagligtas anglahatng masaklap at tunay na mga hinihingi ng katarungan na kung hindi ay mapipilitan tayong pagbayaran at sa halip ay "[yakapin tayo] ng mga bisig ng kaligtasan"?

Is it true, as Alma testified, that Christ suffered not only for our sins but for our "pains and afflictions" so that He could "know … how to succor his people according to their infirmities"?Is the Lord really so merciful, as King Benjamin taught, that as a free gift, He atoned "for the sins of those … who have died not knowing the will of God concerning them, or who have ignorantly sinned"?

Totoo ba, tulad ng pinatotohanan ni Alma, na nagdusa si Cristo hindi lamang para sa ating mga kasalanan kundi para sa ating "mga pasakit at hirap" upang Kanyang "malaman … kung paano tutulungan ang kanyang mga tao alinsunod sa kanilang mga kahinaan"?Talaga bang napakamaawain ng Panginoon, tulad ng itinuro ni Haring Benjamin, na bilang kaloob na walang bayad, Siya ay nagbayad-sala "para sa mga kasalanan ng mga yaong … nangamatay na hindi nalalaman ang kalooban ng Diyos hinggil sa kanila, o kung sino ang walang malay na nagkasala"?

Is it true, as Lehi said, that "Adam fell that men might be; and men are, that they might have joy"?And is it really true, as Abinadi testified, quoting Isaiah, that Jesus Christ was "wounded for our transgressions, he was bruised for our iniquities; the chastisement of our peace was upon him; and with his stripes we are healed"?

Totoo ba, tulad ng sabi ni Lehi, na "si Adan ay nahulog upang ang tao ay maging gayon, at ang tao ay gayon, upang sila ay magkaroon ng kagalakan"?At totoo ba talaga, tulad ng pinatotohanan ni Abinadi, sa pagsipi kay Isaias, na si Jesucristo ay "nasugatan dahil sa ating mga kasalanan, siya ay nabugbog dahil sa ating mga kasamaan; ang parusa ng ating kapayapaan ay nasa kanya; at sa pamamagitan ng kanyang mga latay tayo ay gumaling"?

In sum, is the Father's plan as taught in the Book of Mormon really this merciful? I testify that it is and that the peace-giving and hopeful teachings of mercy in the Book of Mormon are true.

Sa kabuuan, talaga bang ganito kamaawain ang plano ng Ama tulad ng itinuturo sa Aklat ni Mormon? Pinatototohanan ko na ang mga turong nagbibigay ng kapayapaan at puno ng pag-asa tungkol sa awa sa Aklat ni Mormon ay

Still, I imagine that some may be struggling, despite your faithful reading and prayers, to realize Moroni's promise that Heavenly Father "will manifest the truth of it unto you, by the power of the Holy Ghost."I know this struggle because I felt it, many years ago, when my own first couple of reads of the Book of Mormon did not yield an immediate and clear answer to my prayers.

If you are struggling, may I invite you to follow Moroni's counsel to ponder on the many ways the Book of Mormon teaches "how merciful the Lord hath been [to] the children of men"?Based on my experience, I hope that when you do, the peace of the Holy Ghost can enter your heart and you can know, believe, and feelthat the Book of Mormon and the plan of mercy it teaches are true.

I express my gratitude for the Father's great plan of mercy and for the Savior's willingness to carry it out. I know that He will manifest Himself in mercy in His holy temple and in every part of our life if we will seek Him. In the name of Jesus Christ, amen.

totoo.

Magkagayunman, pakiwari ko ay maaaring nahihirapan ang ilan, sa kabila ng inyong matapat na pagbabasa at mga panalangin, na matanto ang pangako ni Moroni na ang Ama sa Langit ay "ipaaalam ang katotohanan nito sa inyo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo."Alam ko ang paghihirap na ito dahil nadama ko ito, maraming taon na ang nakararaan, nang ang unang ilang beses na sarili kong pagbabasa ng Aklat ni Mormon ay hindi nagbigay ng dagli-an at malinaw na sagot sa aking mga dalangin.

Kung nahihirapan kayo, maaari ko ba kayong anyayahang sundin ang payo ni Moroni na pagbulayan ang maraming paraan na itinuturo sa Aklat ni Mormon "kung [gaano] naging maawain ang Panginoon sa mga anak ng tao"?Batay sa aking karanasan, kapag ginawa ninyo ito, sana'y pumasok sa puso ninyo ang kapayapaan ng Espiritu Santo at inyong malaman, mapaniwalaan, at madamana ang Aklat ni Mormon at ang plano ng awa na itinuturo doon ay totoo.

Nagpapasalamat ako sa dakilang plano ng awa ng Ama at sa kahandaan ng Tagapagligtas na isagawa iyon. Alam ko na ipapakita Niya ang Kanyang sarili nang may awa sa Kanyang banal na templo at sa bawat bahagi ng ating buhay kung hahanapin natin Siya. Sa pangalan ni Jesucristo, amen.